Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes
Jul. 9, 2017 – Sun. PM – Missionary Bill Hardecker

**Pamagat**: Ang Panalangin ng Makatarungang Tao

**Texto**: Ps. 119:121 AIN. I have done judgment and justice: leave me not to mine oppressors.
*Pagsasalin*: Ako'y gumawa ng kahatulan at kaganapan: huwag mo akong iwan sa mga mangaapi sa akin. (Psalmo 119:121)

**Panimula**:

1. Ito ay ang panlabinsiyam na division ng Psalmo 119. Ito ay letrang: "AIN."
2. Isang mahusay na bagay at mabuti kung masasabi ng isang hari o namumuno ang sinabi ng David na siya ay gumawa ng kahatulan at kaganapan. Hindi karaniwan sa mga namumunong malulupit o despota ang maghatol ng tama, maayos, at maykatarungan.
3. Meyroong mga namumuno na hindi ginagampanan ang responsibilidad ng paghatol. Meyroon din mga humahatol, ngunit mali o palpak ang hatol. Imbis na katarungan ang hinahanap, ay hinahabol ang kasiyahan ng laman, o kayamanan, o katayuan sa buhay.
4. Salamat sa Diyos hindi naman lahat ng namumuno ay ganito. Si David ay meyroong balanse ng kahatulan at kaganapan. At dahil dito ito ang kanyang pananalangin sa Diyos na tuwid, na siya ay hindi iwanan ng Panginoon sa kanyang mga kalaban o mangaapi sa kaniya.

**I. Ang Kanyang Katapatan**:

1. (v.121) – I have done judgment and justice. [kahatulan] at [kaganapan, makatarunga, makatuwiran]. Ilagay natin ang Diyos sa ating kalagitnaan para mayroon tayong protection.
2. (v.123) – Nagdidilim na ang aking paningin sa paghihintay ng kaligtasan.
3. (v.125) – Ako ay iyong lingkod.
4. (v.127) – Aking iniibig [minamahal] ang iyong mg utos. -
5. (v.128) – Pinapahalagahan ko ang lahat ng iyong mga tuntunin na ito ay matuwid.
6. (v.128) – Kinasusuklaman [kimumuhian] ko ang bawat huwad na daan. [masasamang pamumuhay]. Lahat ng hindi sumasangayon sa Salita ng Diyos ay masama at kasinungalingan.

**II. Ang Kanyang Kakulangan**:

1. (v.122) – Maging panagot ka para sa iyong lingkod. – Tayo ay lingkod sa pamamagitan ng grasya ng Panginoon.
2. (v.124) – Pakitungo - Ayon sa iyong awa. Ayon sa inyong pagmamahal [tapat na pag-ibig]

**III. Ang Kanyang Kahilingan**: - v.126 – Panahon na sa inyo, O PANGINOON, na kumilos!

1. Ang Panginoon ay muling bumubuhay, naglalagay siya muli, ibinabalik, o ibinanago niya ang buhay ng tao. Nagdudulot siya ng tulong at lunas.
2. O dikaya – Ang Panginoon ay tumatanggi, tumatanggal, tumatakwil, tinatalikuran niya ang mga masasamang tao.
3. Paano niwalang kabuluhan ng mga tao ang mga kautusan ng Diyos? [Nilalabag]
    a. Pagtanggi – deny. Titus 1:16
    b. Pagsalunga – contradict. Num. 21:5; Rev. 13:6 – the beast speaks against God.
    c. Paglibak – ridicule – Acts 17:32; Gal. 6:7
    d. Pagpalit – change – Rom. 1:25

**Katapusan**:

1. Pwende kang manalangin kapag alam mo na tama ang mga ginagawa mo.
2. Salamat sa Diyos na binigyan niya tayo ng karangalan ng panalangin.
3. Huwag natin gayahin ang mga masasamang tao na binabali wala nila ang mga salita ng Diyos.
4. Maging matuwid tayo at matutunan natin ang humatol ng tama at may kaganapan.